# Tracer Study sa mga Nagsipagtapos ng Master ng Artes sa Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (2017-2020)

**Romeo P. Peña[1], Nell B. Buenaventura[2],**
**Ian Jay B. Formacion[3], Roan Jessa A. Dino[4]**
Polytechnic University of the Philippines[1]
Colegio San Agustin Makati[2]
Paso De Blas National High School[3]
Polytechnic University of the Philippines[4]
rppena@pup.edu.ph[1], nellbbuenaventura@gmail.com[2],
ianjay.formacion@deped.gov.ph[3], rjadino@pup.edu.ph[4]

**Abstract**

This research primarily identified the current employment profile of the graduates of Master of Arts in Filipino of Polytechnic University of the Philippines (2017-2020). Specifically, it sought to determine the progress on their professional status and the relevance of institutional and academic factors to it. This descriptive study utilized purposive sampling and involved an iterative process of frequency distribution, percentage, rank, and average weighted mean. This study found out that the majority of the respondents: are currently employed before and after they took up MAF; are permanent/regular teachers in public secondary schools; have received job promotions and salary increase after graduating; and have acquired several professional skills and values relevant to their profession. The study generally concludes that the program has succeeded in providing quality education to its respondents as analyzed from their positive feedbacks. The researchers, however, recommend improving areas relative to influencing graduates to conduct and publish studies in refereed journals, be active members of discipline-related organizations, and attend several conferences, workshops, seminars, etc.

Keywords: Curriculum, Master of Arts in Filipino, Polytechnic University of the Philippines, Professional Development, Tracer Study

## INTRODUKSIYON

Malaki ang ginagampanan ng gradwadong antas ng edukasyon sa paghubog ng mga propesyonal at intelektwal na Pilipino sa ating bansa. Dito puspusang hinuhubog ang mga indibidwal na nagkakaroon ng malaking bahagi sa pagpapaunlad ng isang institusyon, tanggapan, at pamayanan (Case, 2014). Makikita sa pamamagitan ng isang tracer study kung naisasakatuparan ng


© 2022

isang gradwadong edukasyon ang gampanin nitong humubog ng mga taong nagkakaroon ng bahagi sa pagpapaunlad ng lipunan. Iniisa-isa sa pag-aaral nina Buenvinida at Yazon (2017, p. 78) ang katuturan ng pagsasagawa ng ganitong klaseng pananaliksik mula sa iba't ibang sanggunian. Batay rito, nakapagbibigay ito ng mahahalagang impormasyon na magagamit sa pagtataya ng kalidad ng edukasyon at pagsasanay ng mga partikular na institusyon sa mas mataas na antas ng pag-aaral; nagiging paraan din ito ng pagbatid sa propayl ng employment ng mga alumni, sa kanilang karanasan sa digring batsilyer hanggang sa una at kasalukuyan nilang trabaho, gayundin sa pagsusuri sa kahalagahan ng bakgrawnd ng tinapos na edukasyon at natamong kasanayan sa pagsasapraktika nito sa kani-kanilang propesyon. Maaari din itong maging batayan sa esensya ng kurikulum ng programa at kahandaang pang-akademiko ng mga mag-aaral sa antas gradwado ayon sa parehong pag-aaral.

Mahalaga rin ang mga datos na nakakalap sa tracer study upang matugunan ang unemployment sa pamamagitan ng akademya. Sa Labor Force Survey noong Marso 2022 ng Philippine Statistics Authority (PSA), tinatayang 5.8% ang unemployment rate sa bansa (National Economic and Development Authority (NEDA), 2022). Sa bahagdan na ito, 27.1% ang nakapagtapos ng pag-aaral sa kolehiyo ngunit unemployed o walang trabaho (PSA, 2022). Bagaman mas positibo ito kung ikukumpara sa nakalipas na dekada at sa nakaraang buwan nitong pandemya, nagsasagawa ng mga hakbang ang Commission on Higher Education (CHED) upang matugunan ang *job mismatch*. Ang CHED, bilang institusyong nagtataguyod sa mga pangangailangan sa lalong mataas na antas ng edukasyon, ay nakikipagtulungan sa mga industriya sa pagdebelop ng kurikulum at mga pamantayan na inaasahan sa mga magiging puwersa ng paggawa sa hinaharap. Sa pamamagitan ng mga pamantasan at kolehiyo, iniatas ng CHED ang pagsasagawa ng Graduate Tracer Study na tutukoy sa employabiliti ng mga alumni, gayundin ng makabuluhang ugnayan ng mga programang akademiko at inaasahan ng mga employer sa workforce (Menez, 2014). Ang nabanggit na suliranin sa unemploytment ay hindi lamang nagaganap sa Pilipinas sapagkat may katulad na problema ang mga bansang Malaysia, Indonesia, India, at Thailand gayundin sa mga mauunlad na bansang Great Britain at USA ayon sa pag-aaral ni Ibrahim noong 2009 (Ahmad et al., 2012, p. 440).

Marami nang nagpatunay na ang pagsasagawa nito ang kinikilala upang mabalikan ang mga nakapagtapos sa isang programa at masuri kung nakatugon ba ang programang ito sa pagbibigay ng dekalidad na karanasan at edukasyon sa mga mag-aaral (Badiru & Wahome, 2016). Sa ganitong ideya rin umangkla

ang isang halimbawa ng pag-aaral na isinagawa ng Visayas State University para sa mga nagtapos sa kanilang gradwadong programa dahil naniniwala rin sila na sa pamamagitan nito ay matutuklasan kung nakatugon ba ang unibersidad sa paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral na makatutulong sa propesyong tinahak ng mga ito (Cagasan, et. al., 2017). Sinusuportahan ito ng nabanggit nang tracer study nina Buenvinido at Yazon (2017) sa mga nagtapos ng Master of Education (MAED) sa Laguna State Polytechnic University-Los Baños (LSPU-LB) mula 2013 hanggang 2016. Sa resulta, ang kakayahang makiugnay ng mga gradwadong mag-aaral sa kanilang trabaho lalo ng mga nasa pampublikong paaralan ay patuloy na napapaunlad sa pamantasan. Naging daan din ang kanilang pananatili sa LSPU-LB upang mahasa ang kanilang kasanayan sa pagsasakonteksto ng mga kagamitang panturo na nakaayon sa pamantayan ng noo'y bagong-bagong sistema ng K-12. Para sa mananaliksik, indikasyon ito ng positibong tugon ng mga mag-aaral sa serbisyo, kapaligiran, at kagamitan sa pagkatuto na isinasakatuparan ng pamantasan (Buenvinido & Yazon, 2017, p. 84).

Dahil sa nabanggit na punto hinggil sa halaga ng pagsasagawa ng tracer study sa mga nagtapos sa isang programa, layunin ng pag-aaral na ito na balikan ang mga nagtapos sa Master ng Artes sa Filipino (MAF) na nasa ilalim ng Paaralang Gradwado ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP). Lampas dalawang dekada nang nakatatag ang MAF sa PUP na nagsimula noong 1998. Isa ito sa mga maituturing na pinakauna at pinakamatandang gradwadong programa sa masteradong antas sa PUP. Tuloy-tuloy ang hangarin nitong makapagpatapos ng mga mag-aaral na taglay ang mga kaalaman at kasanayang higit na multidisiplinaryo at interdisiplinaryo sa larangan ng wika, panitikan, kultura, at pananaliksik. Ninanais ng programang ito na ang mga nagsipagtapos ay maging tagapanguna sa pagpapaunlad at pagpapatatag ng disiplinang Filipino sa lahat ng antas ng edukasyon, ahensya ng pamahalaan, at pribadong sektor.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang mga espesipikong layunin nito ay malaman kung saang institusyon na naglilingkod ang mga nagsipagtapos sa MAF mula 2017 hanggang 2020, mabatid kung ano na ang estado ng pamumuhay sa kasalukuyan nila na may kinalaman sa kanilang trabaho at masuri mula sa tugon nila ang naging ambag ng programang MAF sa pagpapaunlad ng kanilang mga kasanayan at kaalaman sa tinahak nilang propesyon.


© 2022

## METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong pamamaraan upang ilarawan ang kasalukuyang kalagayan ng mga nagsipagtapos sa MAF at ang kanilang pananaw sa kontribusyon ng programa sa kanilang propesyon. Ang kaangkupan ng paggamit sa nasabing disenyo ay sinusuportahan nina Grove et al. (2013) (Drummond & Reyes, 2018, p. 171): *"…descriptive research design, […] used to develop theory, identify problems with current practice, justify the current approach, make judgments, or determine what others in similar situations are doing…"*

Bumuo ng talatanungan ang mga mananaliksik na nasa platapormang *Google Form*. Dahil tiyak kung sino lamang ang maaaring maging kalahok, gumamit ng *purposive sampling* sa pagtukoy ng mga respondente. Ayon sa PUP Graduate School Registrar's Office, 71 ang kabuuang bilang ng mga nakapagtapos na MAF sa nasabing mga taon.

Ginamit ang *frequency distribution, percentage, rank, average weighted mean,* at kuwantitatibo at kuwalitatibong interpretasyon sa *Likert scale* sa paglalatag ng mga datos.

## RESULTA AT DISKUSYON

Tinatalakay sa tabyular at tekstuwal na pamamaraan ang mga nakalap at sinuring datos sa pananaliksik.

**Talahanayan 1**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente
batay sa kanilang kasarian

| Kasarian | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Babae | 43 | 65.15 |
| Lalaki | 23 | 34.85 |
| Iba pa | 0 | 0 |
| **Kabuuan** | **66** | **100** |

Makikita sa Talahanayan 1 ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang kasarian. Batay rito, mas marami ang kababaihan na may 43 (65.15%) kaysa sa mga lalaki na may 23 (34.85%) ng kabuuang bilang. Samantala, walang respondenteng may Iba Pang Kasarian.

Maiuugnay ang datos na ito sa mga Talahanayan 10 at 12 na malaking bilang ng mga respondente ay naghahanapbuhay sa mga Institusyong Pang-edukasyon bilang Guro sa iba't ibang antas. Karamihan sa mga nasa propesyon ng pagtuturo ay mga babae (Buenvinido & Yazon, 2017). Sinusuportahan rin ito ng tracer study nina Pentang et al. (2022) sa mga nagtapos ng programang Teacher Education mula 2017 hanggang 2020 kung saan 70% sa kanilang respondente ay mga babae. Tinukoy rin ng pananaliksik ang ilan pang bagong pag-aaral na nagpapatunay na maraming kababaihan sa hanay ng mga gurong Pilipino – Alemejas et al. (2017), Aquino et al. (2015), Caingcoy & Barroso (2020), Gines (2014), Oboza (2017), Tutor et al. (2019), atbp. (Pentang et al., 2022, p. 423).

**Talahanayan 2**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente
batay sa panahon ng kanilang pagtatapos sa MAF

| Panahon | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayo 2017 | 10 | 15.15 |
| Disyembre 2017 | 3 | 4.55 |
| Mayo 2018 | 7 | 10.61 |
| Disyembre 2018 | 7 | 10.61 |
| Mayo 2019 | 14 | 21.21 |
| Disyembre 2019 | 12 | 18.18 |
| Setyembre 2020 | 13 | 19.70 |
| **Kabuuan** | **66** | **100** |

Ipinakikita ng Talahanayan 2 ang distribusyon ng mga respondente batay sa panahon ng kanilang pagtatapos sa MAF. Kinabibilangan ito ng 10 (15.15%) mga respondente na nagtapos noong Mayo 2017; tatlo (4.55%), Disyembre 2017; pitong respondente (10.61%), Mayo 2018 at Disyembre 2018; 14 (21.21%), Mayo 2019; 12 (18.18%), Disyembre 2019; at 13 (19.70%), Setyembre 2020.

**Talahanayan 3**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente
batay sa bilang ng taon ng kanilang pananatili sa MAF

| Bilang ng Taon | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| 2 - 3 | 32 | 48.48 |
| 3.5 - 4.5 | 19 | 28.79 |
| 5 o higit pa | 15 | 22.73 |
| **Kabuuan** | **66** | **100** |


© 2022

Tinatalakay sa Talahanayan 3 ang distribusyon ng mga respondente batay sa bilang ng taon ng kanilang pananatili sa MAF. Pinakamaraming nakapagtapos sa pagitan ng 2-3 taon na may 32 (48.48%) ng kabuuang bilang. Sinundan ito ng 3.5-4.5 taon na may 19 (28.79%) at 5 o higit pang taon na may 15 (22.73%).

**Talahanayan 4**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente
batay sa kanilang digring batsilyer bago pumasok sa MAF

| Digring Batsilyer | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| AB (BA) Filipinolohiya/Filipino | 20 | 30.30 |
| BSE/BSED Filipino | 39 | 59.09 |
| AB (BA) Panitikan / Literatura | 0 | 0.00 |
| AB (BA) Wika at Literatura/Panitikan | 1 | 1.52 |
| BEED | 3 | 4.55 |
| AB (BA) History | 1 | 1.52 |
| BS Behavioral Sciences | 1 | 1.52 |
| BCDPM | 1 | 1.52 |
| **Kabuuan** | **66** | **100** |

Makikita sa Talahanayan 4 ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang digring batsilyer bago pumasok sa MAF. Natuklasan na pinakamaraming nagsipagtapos ang may digring BSE/BSED Filipino na may 39 (59.09%) na sinundan ng AB Filipinolohiya/Filipino na may 20 (30.30%) respondente.

**Talahanayan 5**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente
batay sa unibersidad/kolehiyong kanilang pinasukan sa digring batsilyer

| Paaralan | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| PUP | 29 | 43.94 |
| PNU | 5 | 7.58 |
| UP | 1 | 1.52 |
| RTU | 9 | 13.64 |
| EARIST | 1 | 1.52 |
| PLV | 6 | 9.09 |
| UMak | 2 | 3.03 |
| PLM | 2 | 3.03 |
| PLMar | 2 | 3.03 |
| PLMun | 1 | 1.52 |

| Paaralan | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| ISU-Cabagan | 1 | 1.52 |
| JRU | 1 | 1.52 |
| ICCT | 2 | 3.03 |
| NEU | 1 | 1.52 |
| NTC | 1 | 1.52 |
| La Concepcion College | 1 | 1.52 |
| Miriam College | 1 | 1.52 |
| **Kabuuan** | **66** | **100** |

Makikita sa Talahanayan 5 ang distribusyon ng mga respondente batay sa paaralang kanilang pinasukan noong digring batsilyer. Batay sa datos, pinakamaraming nagsipagtapos ang mula sa PUP na may 29 (43.94%) ng kabuuang bilang. Ilan din sa mga nagsipagtapos ay nagmula sa mga kilalang pang-estadong pamantasan tulad ng Pamantasang Normal ng Pilipinas na may lima (7.58%), Unibersidad ng Pilipinas na may isa (1.52%), Rizal Technological University na may siyam (13.64%) at Eulogio "Amang" Rodriguez Institute of Science and Technology na mayroon ding isang (1.52%) respondente. Mapapansin sa datos na ang karamihan sa mga pumapasok sa MAF ng PUP ay pawang nagsipagtapos din ng batsilyer sa parehong unibersidad.

Mapapansin ding may mga mag-aaral na nanggaling sa mga panlokal na paaralan gaya ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) na may anim (9.09%) na respondente. Ilan pa sa mga lokal na unibersidad na pinagmulan ng mga respondente ay Pamantasan ng Lungsod ng Maynila (PLM), Pamantasan ng Lungsod ng Marikina (PLMar), Pamantasan ng Lungsod ng Muntinlupa (PLMun), Unibersidad ng Makati (UMak), at Isabela State Univerisity (ISU)-Cabagan.

Sa talâ ring ito, mababatid na may mga mag-aaral na nagmula sa ilang pribadong unibersidad at kolehiyo gaya ng New Era University (NEU), Jose Rizal University (JRU), Miriam College, National Teachers College (NTC), ICCT Colleges, at La Concepcion College.

Ayon sa mga datos, karamihan o halos kahati sa bilang ng mga respondente ay nagmula rin sa PUP. Isang dahilan nito ay ang pagkakaroon ng pamantasan ng dalawang magkaibang digri na nakalinya sa MAF – ang ABF at BSED Filipino. Masasabi ring may mabisang paraan ang pamantasan upang hikayatin ang mga nagsipagtapos nito na ipagpatuloy ng mga taga-PUP ang kanilang akademikong propayl hanggang sa antas graduwado at piliing gawin ito sa parehong paaralan.


© 2022

Kung pagsasamahin ang bilang ng mga nagmula sa pang-estado at lokal unibersidad o kolehiyo (sa mga row mula PUP hanggang ISU-Cabagan na may 59 mula sa 66 na tagatugon – 89.39%), kapansin-pansin din ang halos lahat sa kanila ay mula rito. Nangangahulugan itong mas mataas ang demand ng MAF sa PUP sa katulad nitong pampublikong paaralan.

**Talahanayan 6**

*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente batay sa kanilang pagtatamo ng digring doktorado

| Estado ng Doktoradong Digri | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Nakatapos | 0 | 0.00 |
| Nakaenrol | 17 | 25.76 |
| Hindi nakaenrol pero may balak kumuha ng Doktoradong Digri | 41 | 62.12 |
| Wala ng balak kumuha ng Doktoradong Digri | 7 | 10.61 |
| Hindi malinaw na sagot | 1 | 1.52 |
| Nakatapos | 0 | 0.00 |
| **Kabuuan** | **66** | **100** |

Sa Talahanayan 6, tinatalakay ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang pagtatamo ng digring doktorado. Karamihan sa mga respondente ang tumugon na sila ay hindi nakaenrol pero may balak kumuha ng doktoradong digri (41 o 62.12%). Kasalukuyan namang nakaenrol ang 17 (25.76%) samantalang pito (10.62%) ang nagsabing wala na silang balak na kumuha pa. Maaaring mangahulugan ang datos na ito ng positibong tugon ng mga mag-aaral sa kanilang karanasan sa pag-aaral sa MAF ng PUP sapagkat mayorya sa kanila ang nagpakita ng interes ng pagtuloy sa mas mataas pang antas ng edukasyon. Gayundin, palatandaan ang bilang ng mga nakaenrol na at interesadong mag-aral sa pagpapahalaga ng mga alumni sa Continuing Professional Development (CPD) na nagpapaigting sa ideya ng *lifelong learning* ng akademya. Maiiugnay ito sa pag-aaral nina Price at Reichert (2017) sa kahalagahan ng CPD ng mga nars sa kanilang kasiyahan sa propesyon *(career satisfaction)* at pag-aalaga sa mga pasyente *(patient care).* Isa sa mahahalagang kongklusyon ng pag-aaral na ang kasalukuyang pagsasanay, edukasyon, at mga propesyonal na pagpapaunlad ay daan sa mas mainam na transisyon sa pagsasapraktika ng mga mag-aaral at nagsipagtapos *(fresh graduates);* nakatutulong din ito upang matiyak ang pagganap sa mga kasanayan at ang dekalidad na pag-aalaga sa mga pasyente na malaking bahagi sa kanilang propesyon.

**Talahanayan 7**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente
batay sa pagtataglay ng trabaho bago pumasok sa MAF at sa kasalukuyan

| Pagtataglay ng Trabaho | May Trabaho Frequency (f) | Bahagdan (%) | Walang Trabaho Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|---|---|
| Bago Pumasok sa MAF | 66 | 100.00 | 0 | 0.00 |
| Kasalukuyan | 65 | 98.48 | 1 | 1.52 |

Ipinakikita ng Talahanayan 7 ang distribusyon ng mga respondente batay sa pagtataglay ng trabaho bago sila pumasok sa MAF at sa kasalukuyan. Makikita sa datos na lahat (100%) ay nagsabing may trabaho bago pumasok sa programa samantalang may 65 (98.48%) ang may trabaho at isang (1.52%) walang trabaho sa kasalukuyan. Ayon sa natatanging respondenteng walang kasalukuyang trabaho, nasa estado siya ng paghihintay ng tawag o *appointment* mula sa Departamento ng Edukasyon (DepEd) o pampublikong paaralan.

**Talahanayan 8**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente
batay sa sektor ng kompanyang kanilang pinagtatrabahuhan

| Sektor ng Trabaho | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Pribado | 22 | 33.33 |
| Gobyerno | 46 | 69.70 |
| Wala pa | 1 | 1.52 |
| **Kabuuan*** | **69** | **-** |

**Maraming tugon*

Sa Talahanayan 8, makikita ang distribusyon ng mga respondente batay sa sektor ng kompanyang kanilang pinagtatrabahuhan. Nakahihigit ang bilang ng mga respondenteng naghahanapbuhay sa gobyerno na may 46 (69.70%) kaysa sa pribadong sektor na may 22 (33.33%). Maiuugnay ang datos na ito sa mga Talahanayan 10 at 12 na malaking bilang ng mga respondente ay naghahanapbuhay sa mga Institusyong Pang-edukasyon bilang Guro sa iba't ibang antas sa pampublikong paaralan. Sa database na mayroon ang departamento ng MAF, maraming mga alumni ang naghahanapbuhay sa Department of Education (DepEd) at ilang mga State Universities and Colleges (SUCs).


© 2022

**Talahanayan 9**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente
batay sa sakop ng kanilang trabaho

| Sakop ng Trabaho | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Lokal | 43 | 65.15 |
| Rehiyonal | 1 | 1.52 |
| Nasyonal | 23 | 34.85 |
| Wala pa | 1 | 1.52 |
| **Kabuuan*** | **68** | **-** |

*Maraming tugon*

Nagpapakita ang Talahanayan 9 ng distribusyon ng mga respondente batay sa sakop ng kanilang trabaho. Sang-ayon sa mga datos na nakalap, 43 (65.15%) ang lokal ang sakop ng trabaho, 23 (34.85%) ang nasa nasyonal, samantalang may isang (1.52%) rehiyonal. Maiuugnay ang datos na ito sa mga Talahanayan 10 at 12 na malaking bilang ng mga respondente ay naghahanapbuhay sa mga Institusyong Pang-edukasyon bilang Guro sa iba't ibang antas sa pampublikong paaralan. Ang DepEd, halimbawa, ay nahahati sa mga tanggapang pangdibisyon *(division offices)* na nakabase sa mga lokal na lungsod at munisipalidad.

**Talahanayan 10**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente
batay sa uri ng institusyong kanilang pinagtatrabahuhan

| Uri ng Institusyon | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Institusyong Pang-edukasyon | 64 | 96.97 |
| Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining | 2 | 3.03 |
| Wala pa | 1 | 1.52 |
| **Kabuuan*** | **67** | **-** |

*Maraming tugon*

Tinatalakay sa Talahanayan 10 ang distribusyon ng mga respondente batay sa uri ng institusyong kanilang pinagtatrabahuhan. Batay sa datos, higit ang bilang ng mga nasa institusyong pang-edukasyon na may 64 (96.97%) samantalang may dalawang (3.03%) nasa pangwika, pangkultura at pansining. Makikita sa Talahanayan 1 ang pag-uugnay ng kasarian at sa propesyon ng pagtuturo.

**Talahanayan 11**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente
batay sa kanilang estado sa trabaho

| Estado sa Trabaho | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Regular/Permanente | 58 | 87.88 |
| Casual/Temporary | 2 | 3.03 |
| Probationary | 1 | 1.52 |
| Kontraktwal (e.g., part-timer, job order, atbp.) | 5 | 7.58 |
| Freelance | 1 | 1.52 |
| Wala pa | 1 | 1.52 |
| **Kabuuan*** | **68** | **-** |

**Maraming tugon*

Tinatalakay sa Talahanayan 11 ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang estado sa trabaho. Batay sa datos, mapapansin ang mataas na bilang ng mga respondenteng regular/permanente na ang estado sa hanapbuhay na may 58 (87.88%). Lima (7.58%) naman ang nagsabing kontraktwal sila; dalawa (3.03%) ang casual/temporary; tig-isang respondente (1.52%) naman ang nagsabi na probationary at freelance ang kanilang estado. Maiuugnay ang datos na ito sa mga Talahanayan 10 at 12 na malaking bilang ng mga respondente ay naghahanapbuhay sa mga Institusyong Pang-edukasyon bilang Guro sa iba't ibang antas sa pampublikong paaralan. Sa database na mayroon ang departamento ng MAF, maraming mga alumni ang naghahanapbuhay sa Department of Education (DepEd) at ilang mga State Universities and Colleges (SUCs). Malimit sa mga ganitong institusyon ang may permanenenteng posisyon o *plantilla.*

**Talahanayan 12**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente
batay sa kanilang kasalukuyang trabaho

| Kasalukuyang Trabaho | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Tagasalin | 1 | 1.52 |
| Guro sa Pre-school | 1 | 1.52 |
| Guro sa Elementarya | 7 | 10.61 |
| Guro sa Sekundarya (JHS o SHS) | 41 | 62.12 |
| Guro sa Kolehiyo | 20 | 30.30 |
| Makata, Kwentista, Nobelista, Mandudula, Mananaysay (Pampanitikang Manunulat) | 1 | 1.52 |
| Kawani sa Ahensyang Pangwika, Pangkultura at Pansining | 1 | 1.52 |


© 2022

| Kasalukuyang Trabaho | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Editor sa mga Pahayagan at Palimbagan | 2 | 3.03 |
| Wala pa | 1 | 1.52 |
| **Kabuuan*** | **75** | **-** |

**Maraming tugon*

Makikita sa Talahanayan 12 ang *frequency and percentage distribution* ng mga respondente batay sa kanilang kasalukuyang trabaho. Ayon sa nakalap na impormasyon, pinakamaraming gradweyt ay guro sa sekundarya na may 41 (62.12%). Sinundan ito ng mga guro sa kolehiyo na may 20 (30.30%); guro sa elementarya na may pito (10.61%); editor sa mga pahayagan at palimbagan na may dalawa (3.03%); samantalang ang may tig-iisang (1.52%) tagasalin, guro sa pre-school, pampanitikang manunulat, kawani sa ahensyang pangwika, pangkultura at pansining. Makikita sa Talahanayan 1 ang pag-uugnay ng kasarian at sa propesyon ng pagtuturo.

**Talahanayan 13**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente
batay sa kanilang kasalukuyang ranggo o posisyon sa trabaho

| Ranggo/Posisyon | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Teacher | 35 | 53.03 |
| Master Teacher | 5 | 7.58 |
| Principal | 1 | 1.52 |
| Instructor | 19 | 28.79 |
| Asst. Professor | 1 | 1.52 |
| Supervisor/Manager/ Coordinator | 6 | 9.09 |
| Iba pa | 3 | 4.55 |
| **Kabuuan*** | **70** | **-** |

**Maraming tugon*

Makikita sa Talahanayan 13 ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang kasalukuyang ranggo o posisyon sa trabaho. Pinakamarami ang nagsabing sila ay may ranggong Teacher (I, II, o III) na may 35 (53.03%). Samantala, 19 (28.79%) ang may posisyong Instructor; anim (9.09%) ang Supervisor/Manager/ Coordinator; lima (7.58%) ang Master Teacher; at may tig-isang (1.52%) Principal at Asst. Professor. Samantala, kinabibilangan ng freelance content editor sa isang academic publishing, senior teacher sa pribadong paaralan, at wala pang trabaho ang tatlong (4.55%) nasa Iba pa. Mayorya sa mga respondente ang nasa

[12] Peña, Romeo P., Buenaventura, Nell B., Formacion, Ian Jay B., Dino, Roan Jessa A.

pinakamababang ranggo pa lamang ng kanilang propesyon sapagkat sinasaklaw lamang ng pag-aaral ang mga nagdaang batch ng MAF.

**Talahanayan 14**

*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente batay sa pagbabago ng estado ng kanilang trabaho nang makapagtapos ng MAF

| Pagbabago sa Estado sa Trabaho | Frequency (f) | Bahagdan (%) | Rank |
|---|---|---|---|
| Nagkaroon ng trabaho at/o ng bagong trabaho nang makatapos sa MAF (e.g., nadagdagan ang pinagkakakitaan) | 7 | 10.61 | 4 |
| Mula *part-time* ay naging *probationary/ temporary* | 3 | 4.55 | 5 |
| Mula *probationary/temporary* ay naging regular/ permanente | 11 | 16.67 | 3 |
| Tumaas ang ranggo (rank) o posisyon at nadagdagan ang suweldo | 36 | 54.55 | 1 |
| Walang pagbabago sa estado/ranggo sa trabaho nang mag-umpisa hanggang sa makatapos sa MAF | 13 | 19.70 | 2 |
| Iba pa | 3 | 4.55 | 5 |
| **Kabuuan*** | **73** | **-** | **-** |

**Maraming tugon*

Ang Talahanayan 14 ay nagpapakita ng distribusyon ng mga respondente batay sa pagbabago sa estado ng kanilang trabaho nang makapagtapos sa MAF. Batay sa datos, lagpas kalahati sa mga respondente (36 o 54.55%) ang nagsabing tumaas ang kanilang ranggo o posisyon kung kaya't nadagdagan din ang suweldo. Sinundan ito ng mga nagsabing walang pagbabago sa estado/ ranggo sa trabaho nang mag-umpisa hanggang sa makatapos sa MAF na may 13 (19.70%); 11 (16.67%) ang mula probationary/temporary ay naging regular/ permanente sa trabaho; pito (10.61%) naman ang nagkaroon ng trabaho nang makatapos sa MAF kabilang na ang mga nagkaroon din ng panibagong trabaho o part-time; samantalang may tatlo (4.55%) ang naging probationary/temporary mula sa pagiging part-time. Mayroon ding tatlong (4.55%) tugon na lumipat sa ibang institusyon para sa propesyonal na pag-unlad. Sa resultang tinalakay, malaki ang kaugnayan ng pagkakaroon ng gradwadong edukasyon upang tumaas ang ranggo o posisyon sa trabaho na pinatutunayan din sa naging pag-aaral nina Ladd at Sorensen (2015).


© 2022

**Talahanayan 15**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente batay sa kasanayang napaunlad sa kanila at nakatulong sa trabaho matapos ang programang MAF

| Kasanayan | Frequency (f) | Bahagdan (%) | Rank |
|---|---|---|---|
| Kasanayan sa Pagsasalin [Banyagang Wika-Filipino (vice versa), Rehiyonal na Wika-Filipino (vice versa) | 31 | 46.97 | 9 |
| Kasanayan sa Pagtuturo ng Wika, Panitikan at Kultura | 58 | 87.88 | 1 |
| Kasanayan sa Komunikasyon | 47 | 71.21 | 3 |
| Kasanayan sa Pamamahayag | 21 | 31.82 | 12 |
| Kasanayan sa Pananaliksik | 45 | 68.18 | 4 |
| Kasanayan sa Malikhaing Pagsulat | 27 | 40.91 | 10.5 |
| Kasanayan sa Pakikipanayam | 27 | 40.91 | 10.5 |
| Kasanayan sa Pag-uulat | 34 | 51.52 | 7 |
| Kasanayan sa Panunuring Pangwika, Pampanitikan at Pangkultura | 43 | 65.15 | 5 |
| Kasanayan sa Paggamit ng Wastong Gramatika, Ispeling at Ortograpiya | 48 | 72.73 | 2 |
| Kasanayan sa Pamamahala/ Pagsasagawa ng Aktibidad | 35 | 53.03 | 6 |
| Kasanayan sa Pangunguna/Pamumuno sa Organisasyon | 33 | 50.00 | 8 |
| Walang tugon | 1 | 1.52 | 13 |
| **Kabuuan*** | **450** | - | - |

**Maraming tugon*

Makikita sa Talahanayan 15 ang distribusyon ng mga respondente batay sa kasanayang napaunlad sa kanila at nakatulong sa trabaho matapos ang programang MAF. Pinakamaraming naniniwala na ang Kasanayan sa Pagtuturo ng Wika, Panitikan at Kultura ang nakatulong sa kanilang pagtupad sa mga tungkulin sa trabaho na may 58 (87.88%) ng mga respondente. Hindi ito kataka-taka sapagkat ayon sa mga naunang talâ ay mga guro din ang may pinakamaraming bilang ng tagatugon. Nasa ikalawa hanggang ikalimang ranggo naman ang mga kasanayang nauugnay sa pagiging guro sa Filipino: Paggamit ng Wastong Gramatika, Ispeling at Ortograpiya na may 48 (72.73%), Komunikasyon na may 47 (71.21%), Pananaliksik na may 45 (68.18%), at Panunuring Pangwika, Pampanitikan at Pangkultura na may 43 (65.15%). Nagpapatunay ang taláng ito na naging positibo sa karamihan ang pagkuha nila ng MAF sa pagpapaunlad sa mga kasanayang kaugnay ng propesyon. Mahalagang talá ito sa pagpapaigting

ng kainaman ng kurikulum ng MAF sapagkat palatandaan ito na natutupad ng programa ang layunin ng maraming mag-aaral sa gradwadong paaralan na mahasa ang kanilang kakayahan bilang mga propesyonal at tagapagtaguyod ng bayan. Kaugnay nito ang isang argumento sa isa ring institusyonal na *tracer study* nina Morales et al. (2021) sa mga nagsipagtapos ng programang BS Business Administration ng National College of Business and Arts-Fairview mula 2017-2019: *"The respondents' (BSBA) employment profile satisfies their professional alignment from their training, which mainly came from higher education institutions. One important indicator that an academic institution produces competent nation-builders is how their graduates align their work from the program."*

**Talahanayan 16**

Impak ng MAF kurikulum sa aspektong personal at propesyonal na pag-unlad

| Impak ng MAF Kurikulum | Weighted Mean | Berbal na Interpretasyon |
|---|---|---|
| Nakatulong sa akin ang kabuuang kurikulum ng MAF sa pagtuklas ng mga teorya at iba pang kaalamang pangwika, pampanitikan at pangkultura (kalikasan, gamit, atbp.). | 3.86 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Naisasapraktika ko ang mga teorya at iba pang kaalamang pangwika, pampanitikan at pangkultura sa aking kasalukuyang propesyon. | 3.76 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nailalapat ko ang mga teorya at iba pang kaalamang pangwika, pampanitikan at pangkultura sa aking propesyon gamit ang Wikang Filipino sa iba't ibang usapin at/o disiplina (kakayahan ng wikang Filipino na tumalakay ng tiyak na paksa). | 3.77 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nalinang sa MAF ang aking katatasan sa Wikang Filipino (gramatika, ispeling, ortograpiya at atbp.) | 3.86 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nahasa ang aking kakayahan sa paggamit ng Wikang Filipino bilang midyum sa mga siyentipikong diskurso at pananaliksik. | 3.86 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nahasa ang kakayahan at kasanayan ko sa paggamit ng Wikang Filipino bilang midyum sa aking propesyon | 3.91 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nalinang ng programang MAF ang aking kakayahan sa paglikha ng iba't ibang pamamaraan at estratehiya na nakatulong sa aking propesyon | 3.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Napaunlad ko ang iba't ibang kasanayang bunga ng sistematikong pananaliksik. | 3.77 | Lubos na Sumasang-ayon |


© 2022

| Impak ng MAF Kurikulum | Weighted Mean | Berbal na Interpretasyon |
|---|---|---|
| Nakapag-ambag ang buong karanasan ko sa MAF sa paglinang ng aking pangkalahatang kaalaman at kakayahan sa pagsasagawa ng pananaliksik. | 3.73 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakabuo ako ng pananaliksik tungkol sa wika, kultura, panitikan, at iba pang saklaw ng disiplinang Filipino gamit ang Wikang Filipino. | 3.71 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakasulat ako ng pananaliksik na makatutulong sa pagpapaunlad ng Wikang Filipino. | 3.70 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakatulong ang aking karanasan sa MAF upang lalong tumaas ang antas ng aking kagustuhan na magpatuloy sa aking tinahak na propesyon. | 3.83 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nalinang ang aking kagustuhang ipagpatuloy ang aking ibang gawaing pangwika, pampanitikan at pangkultura labas man ito o kaugnay ng  aking propesyon. | 3.79 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nalinang ang aking kakayahan na bumuo ng mga gawaing tumutugon sa pangangailangan ng lipunan. | 3.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **General Weighted Mean** | **3.80** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Ang Talahanayan 16 ay nagpapakita ng impak ng MAF kurikulum ukol sa personal at propesyonal na pag-unlad ng mga respondente batay sa kasanayan sa nilalaman (wika at mga teorya ukol dito) at pagsasapraktika (estratehiya at gamit) nito. Nakakuha ito ng *general weighted mean* na 3.80 na may berbal na interpretasyon na Lubos na Sumasang-ayon.

Lubos na Sumasang-ayon ang mga respondente na ***Nahasa ang kakayahan at kasanayan ko sa paggamit ng Wikang Filipino bilang midyum sa aking propesyon*** at ito rin ang may pinakamataas na *weighted mean* na 3.91 samantalang ang pinakamababang *weighted mean* na 3.70 na may berbal na interpretasyon ding Lubos na Sumasang-ayon ay ang ***Nakasulat ako ng pananaliksik na makatutulong sa pagpapaunlad ng Wikang Filipino.*** Parehas nitong ipinakikita na may positibong impak sa mga respondente ang kurikulum ng MAF.

Makikita sa Talahanayan 12 ang mga propesyon ng mga respondente na maituturing na lohikal na dahilan kung bakit Lubos na Sumasang-ayon ang berbal na interpretasyon ng kabuuan at bawat kasanayang tinukoy rito – guro sa

[16] Peña, Romeo P., Buenaventura, Nell B., Formacion, Ian Jay B., Dino, Roan Jessa A.

Filipino mula antas pre-school hanggang kolehiyo ang pinakamaraming alumni na nagsipagtapos sa sinasaklaw na taon. Ilan pa rito ang pagiging tagasalin, editor, manunulat, at iba pang propesyon na nangangailangan ng mataas na kaalaman sa wika at komunikasyong Filipino.

**Talahanayan 17**

Mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagkuha ng programang MAF

| Mga Karanasan | Weighted Mean | Berbal na Interpretasyon |
|---|---|---|
| Nagagamit sa propesyon ang mga natutuhan sa pagdalo sa mga seminar, worksyap, kumperensiya, atbp. na inorganisa ng MAF Society at iba pang organisasyon sa loob ng PUP. | 2.70 | Madalas Maranasan |
| Nailalapat sa propesyon ang mga natuklasan sa pagdalo sa mga pambansa at/o pandaigdaigang seminar, worksyap, kumperensiya, at iba pang katulad na ipinakilala at/o inilapit ng pamunuan MAF sa mga mag-aaral. | 2.64 | Madalas Maranasan |
| Nakatutulong ang karanasan sa MAF upang makapagbasa ng pananaliksik sa mga lehitimong kumperensiyang pangwika, pampanitikan, pangkultura at/o pang-edukasyon. | 2.62 | Madalas Maranasan |
| Nakatutulong ang karanasan sa MAF upang makapaglathala ng pananaliksik sa mga lehitimong publikasyong pampananaliksik. | 2.41 | Madalas Maranasan |
| Naniniwala na malaking bentahe ang pagkakaroon ng digring MAF upang manatili sa institusyong kinabibilangan (hindi nangangambang mawalan ng hanapbuhay). | 2.79 | Madalas Maranasan |
| Nakapagtatamo ng mga parangal sa pinapasukang institusyon. | 2.14 | Naranasan |
| Nakatatanggap ng mga lokal, pambansa, at/o internasyonal na parangal mula sa mga organisasyong may kaugnayan sa tinapos na digri (mga patimpalak, achievement awards, atbp.) | 2.09 | Naranasan |
| Naiimbitahan at nagsisilbing tagapagsalita, modereytor, reaktor, at iba pa sa mga seminar, forum, worksyap, at iba pang katulad upang magbahagi ng kaalaman at kasanayang may kinalaman sa digring tinapos. | 2.27 | Naranasan |


© 2022

| Mga Karanasan | Weighted Mean | Berbal na Interpretasyon |
|---|---|---|
| Nakabubuo ng anumang anyo ng pasulat na diskurso bukod pa sa pananaliksik (hal. mga akdang pampanitikan at pampahayagan, atbp.) | 2.29 | Naranasan |
| Nakatutulong ang koneksyon ng MAF (linkages) sa iba't ibang pangangailangan pampropesyonal. | 2.50 | Madalas Maranasan |
| **Average Weighted Mean** | **2.44** | **Madalas Maranasan** |

Ang Talahanayan 17 ay nagpapakita ng mga naging karanasan ng respondente sa pagkuha ng programang MAF na may *average weighted mean* na 2.44 na may berbal na interpretasyon na Madalas Maranasan.

Mula sa sampung karanasan, anim ang nakakuha ng berbal na interpretasyon na Madalas Maranasan. Ang may pinakamataas na *weighted mean* sa mga ito na nakakuha ng 2.79 ay ang ***Naniniwala na malaking bentahe ang pagkakaroon ng digring MAF upang manatili sa institusyong kinabibilangan****.* Ipinapakita ng karanasang ito na malaki ang ambag ng pagkakaroon ng digring MAF sa aspektong seguridad na mapapanatili sila sa kanilang pinagtatrabahuan at indikasyon din ito na matatangap sila sa institusyon na kanilang pag-aaplayan.

Samantala, apat na karanasan naman ang nakakuha ng berbal na interpretasyon na Naranasan at pinakamababang *weighted mean* sa mga ito na nakakuha ng 2.09 ay ang ***Nakatatanggap ng mga lokal, pambansa, at/o internasyonal na parangal mula sa mga organisasyong may kaugnayan sa tinapos na digri****.* Bagaman hindi lahat ay nakatatanggap ng mga parangal ay aktibo at produktibo naman ang mga kalahok sa iba't ibang gawain sa larangan ng Filipino.

**Talahanayan 18**

*Frequency and percentage distribution* ng pagiging *employers' top school of choice* ng PUP bilang salik sa pagpasok at pananatili ng mga respondente sa trabaho

| Tugon sa Pagpasok at Pananatili sa Trabaho | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Oo, dahil batid na ng karamihang institusyon ang kakayahan at kasanayan ng mga nagtapos sa pamantasan na utak ang puhunan. | 63 | 95.50 |
| Hindi, walang dating ang napasukan sa pangalan ng pinagtapusan. | 3 | 4.50 |
| **Kabuuan*** | **66** | **100.00** |

[18] Peña, Romeo P., Buenaventura, Nell B., Formacion, Ian Jay B., Dino, Roan Jessa A.

Tinatalakay sa Talahanayan 18 ang tugon ng mga respondente ukol salik sa pagpasok at pananatili sa trabaho ay dahil sa nagtapos sila sa PUP na isang *top school*. Ayon sa datos, 63 (95.50%) ang nagsabing nakatulong ang unibersidad sa paghubog at pag-unlad ng kanilang kakayahan at kasanayan. Samantala, tatlo (4.50%) lamang ang nagsabi na wala sa pangalan ng unibersidad para matanggap at manatili sa trabaho.

Bagaman "hindi" maituturing na *fresh graduate* dahil nasa antas gradwado na, naniniwala ang napakalaking bilang ng mga respondente na may kontribusyon ang pagiging *employers' top school of choice* ng PUP sa pagkapasok at pananatili sa kanilang trabaho. Makikita sa "2018 Fresh Graduate Report" ng Jobstreet Philippines ang datos na nanguna ang mga alumni ng PUP sa kinukuha ng mga employer sa iba't ibang industriya (Orellana, 2018).

**Talahanayan 19**
*Frequency and percentage distribution* ng pagiging *State University and College (SUC)* ng PUP bilang salik sa pagpasok at pananatili ng mga respondente sa trabaho

| Tugon sa Pagpasok at Pananatili sa Trabaho | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Oo, dahil naniniwala ang mga institusyon na mas mahusay at mapagkakatiwalaan ang mga nagtapos sa SUC. | 47 | 71.20 |
| Oo, dahil mas priyoridad ng mga tanggapan ang mga nagtapos sa SUC. | 19 | 28.80 |
| Hindi, dahil hindi tinitingnan ng mga tanggapan ang paaralang pinagtapusan ng nag-aaplay. | 7 | 10.60 |
| Nakatulong sa pagtaas ng ranggo. | 1 | 1.50 |
| Hindi, ang mahalaga ay nakapagtapos kahit saan mang Pamantasan. | 1 | 1.50 |
| Naniwala sila sa taglay na galing batay sa isinumiteng dokumento. | 1 | 1.50 |
| Hindi, dahil mas priyoridad ng mga tanggapan ang mga nagtapos sa pribadong unibersidad. | 0 | 0 % |
| **Kabuuan*** | **76** | - |

*Maraming tugon*

Tinatalakay sa Talahanayan 19 ang tugon ng mga respondente ukol salik sa pagpasok at pananatili sa trabaho ay dahil sa nagtapos sila sa PUP na kabilang sa SUC. Ayon sa datos, 47 o 71.20% ng kabuuang bilang ng respondente ang nagsabi na naniniwalang ang institusyon na mas mahusay at mapagkakatiwalaan


© 2022

ang mga nagtapos sa SUC. Ipinaparating lamang nito na mahusay ang pagganap ng mga respondente kaya madali silang natatangap at nanatili sa trabaho.

**Talahanayan 20**
*Frequency and percentage distribution* ng mga naging ambag ng programang MAF sa propesyon ng mga respondente

| Ambag ng Programang MAF | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Nagamit ang mga kaalamang at kasanayang ibinahagi ng programa sa mga mag-aaral na nagtapos. | 57 | 86.40 |
| Lubusang nakatulong ang karanasan mula sa pagtahak sa programa kaya mas naging handa sa pagtatrabaho. | 39 | 59.10 |
| Hindi nagamit sa pananatili/ sa paghahanap ng trabaho ang kasanayan at kaalamang naiambag ng programa. | 1 | 1.50 |
| Wala akong maisagot | 1 | 1.50 |
| Walang naitulong ang MAF sa paghubog ng kaalaman at kasanayang magagamit sa pagtatrabaho. | 0 | 0 |
| **Kabuuan*** | **98** | **-** |

**Maraming tugon*

Mababasa sa Talahanayan 20 ang tugon ng mga respondente sa ambag ng programang MAF sa propesyon. Ayon sa datos, 57 (86.40%) ang nagsabing nagamit ang kaalaman at kasanayang ibinahagi ng programa, at 39 (59.10%) naman ang nagpahayag na lubusang nakatulong ang karanasan mula sa pagtahak sa programa kaya mas naging handa sa pagtatrabaho. Ibinubuod ng mga datos na ito ang pangkalahatang pagtingin ng mga respondente sa naiambag ng programa sa kanilang propesyon. Sinusuportahan ito ng mga nauna nang talahanayan na nagpapakita ng espesipikong kasanayang napaunlad sa mga nagsipagtapos sa sinaklaw na mga taon.

**Talahanayan 21**
*Frequency and percentage distribution* ng pagtatamo ng MAF bilang bentahe sa pagkakaroon ng trabaho

| Bentahe ng MAF sa Trabaho | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Oo, dahil naaayon ang mga natutuhan sa MAF sa trabahong pinapasukan/napasukan. | 52 | 78.80 |
| Oo, dahil kaunti lamang ang nagiging kakompetensya sa institusyon. | 25 | 37.90 |

| Bentahe ng MAF sa Trabaho | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Hindi, dahil maraming katunggali sa paghahanap ng trabaho kabilang na ang mga nagtapos ng MA Education major in Filipino. | 2 | 3.00 |
| Wala akong maisagot | 1 | 1.50 |
| Hindi, dahil madalas na hindi pamilyar ang mga institusyon sa programang MAF. | 0 | 0 |
| **Kabuuan*** | **80** | **-** |

**Maraming tugon*

Mababasa sa Talahanayan 21 ang tugon ng mga respondente sa pagiging bentahe ng MAF sa pagpasok at pananatili sa trabaho. Ayon sa datos, 52 (78.80%) ang nagsabing naaayon ang mga natutuhan sa MAF sa trabahong pinapasukan/napasukan. Isa rin sa dahilan ng mga respondente kaya nila pinili ang MAF ay dahil kaunti lamang ang nagiging kakompetensya sa institusyon at ito ay mula sa 25 (37.90%) ng kabuuang bilang ng respondente. Sa pangkalahatan, naniniwala ang mga respondente na bentahe ang pagkakaroon ng digring MAF sa pagkakaroon ng trabaho sa dalawang pangunahing dahilan: (1) ang mga natutuhan sa pag-aaral nito at (2) ang limitasyon sa bilang ng kompetisyon sa trabaho. Madaling maipaliliwanag ang ikalawang rason dahil kapansin-pansin sa maraming institusyon na kakaunti lamang ang kumukuha ng medyor sa Filipino. Halimbawa, sa PUP kung saan nag-aral ang karamihan sa mga respondente ayon sa Talahanayan 5, madalas na umaabot lamang sa isang seksiyon ng klase ang nabubuo sa mga programang BSED-Filipino at AB Filipinolohiya/Filipino (programang may pinakamaraming pinanggalingan ng respondente batay sa Talahanayan 4) hanggang noong 2015 (maaaring taon ng pagtatapos sa batsilyer na digri ng mga respondente kung susuriin ang datos sa Talahanayan 2 at 3).

**Talahanayan 22**

*Frequency and percentage distribution* ng mga naging ambag ng MAF Society sa paghubog sa kasanayang pang-organisasyon ng mga respondente

| Ambag ng MAF Society sa Kasanayang Pang-organisasyon | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Nalinang nito ang kakayahan sa pag-oorganisa ng iba't ibang gawain. | 53 | 80.30 |
| Napayaman nito ang abilidad sa pamumuno at paghawak sa iba pang samahan. | 34 | 51.50 |
| Hindi nagamit o naaplay ang mga kasanayang nagmula sa organisasyon. | 2 | 3.00 |


© 2022

| Ambag ng MAF Society sa Kasanayang Pang-organisasyon | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Hindi ito nakatulong sa kasalukuyang pinamumunuang organisasyon sa pinapasukang trabaho. | 1 | 1.50 |
| **Kabuuan*** | **90** | **-** |

*Maraming tugon*

Mababasa sa Talahanayan 22 ang tugon ng mga respondente sa ambag ng MAF Society sa kanilang kasanayang pang-organisasyon. Ayon sa datos, 53 (80.30%) ang nagsabing nalinang nito ang kakayahan sa pag-oorganisa ng iba't ibang gawain at 34 (51.50%) naman ang nagpahayag na napayaman nito ang abilidad sa pamumuno at paghawak sa iba pang samahan. Nangangahulugan ang datos na ito sa mahalagang gampanin ng mga organisasyong pang-mag-aaral partikular sa paghasa sa kasanayan sa pamumuno *(leadership skills)* ng mga nagsipagtapos ng MAF.

**Talahanayan 23**

*Frequency and percentage distribution* ng naging ambag ng mga aktibidad ng MAF Society sa gawaing pampropesyonal ng mga respondente

| Ambag ng MAF Society sa Pag-oorganisa | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Oo, dahil nagkaroon ng mga kapaki-pakinabang na karanasan sa organisasyon. | 52 | 78.80 |
| Oo, dahil nagamit ito sa pagtatatag ng iba pang organisasyon o samahan sa aking pinapasukan. | 30 | 45.50 |
| Hindi, dahil hindi nagkaroon nang sapat na kasanayan sa pag-oorganisa ng mga aktibidad. | 1 | 1.50 |
| Hindi, dahil hindi naman nagamit ang mga kasanayang ito sa pinapasukang trabaho. | 0 | 0 |
| **Kabuuan*** | **83** | - |

*Maraming tugon*

Mababasa sa Talahanayan 23 ang tugon ng mga respondente sa ambag ng mga aktibidad ng MAF Society sa kanilang gawaing pampropesyonal. Ayon sa datos, 52 (78.80%) ang nagsabing naging kapaki-pakinabang na karanasan sa organisasyon at at 30 (45.50%) naman ang nagpahayag na nagamit nila ang kanilang natutuhan sa pagtatatag ng iba pang organisasyon o samahan sa aking pinapasukan. Nangangahulugan ito na kainaman ng mga programang inorganisa ng MAF Society sa pagpapaunlad ng propesyonal na aspekto ng mga alumni.

**Talahanayan 24**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente batay sa pagiging kasapi ng organisasyong propesyonal

| Pagkakasapi sa Organisasyong Propesyonal | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayroon | 36 | 54.50% |
| Wala | 30 | 45.50% |
| **Kabuuan** | **66** | **100.00** |

Tinatalakay sa Talahanayan 24 ang distribusyon ng mga respondente batay sa pagiging kasapi sa organisasyong propesyonal. Makikita na 36 (54.50%) ay kasapi ng mga pambansang organisasyon mula sa iba't ibang larang. Samantala, 30 (45.50%) mula sa kabuuang bilang ng respondente ang hindi kasapi sa iba't ibang organisasyon. Bagaman nagpapakita ito ng positibong resulta hinggil sa esensya ng *linkages* ng MAF, nangangailangan pa ng pagpapaigting sa panghihikayat sa mga mag-aaral at alumni na lumahok sa mga kaugnay na samahan.

**Talahanayan 25**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondenteng may naipresentang pananaliksik bilang *sole author*

| Presentasyon ng Pananaliksik bilang *Sole Author* | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayroon | 32 | 48.50% |
| Wala | 34 | 51.50% |
| **Kabuuan** | **66** | **100.00** |

Tinatalakay sa Talahanayan 25 ang distribusyon ng mga respondente batay sa naipresentang pananaliksik bilang sole author. Makikita na 32 (48.50%) ang nakapagbasa na ng kanilang pananalilksik sa mga kumperensiya sa larang ng wika, pedagohiya, at panitikan. Samantala, 34 (51.50%) ang hindi pa nakapagpresenta ng kanilang pananaliksik bilang sole author. Masasabing bahagyang positibo ang resulta subalit nangangailangan pa ng pagpapaigting sa panghihikayat sa mga mag-aaral at alumni na magsagawa at magpresenta ng mga indibidwal na papel-pananaliksik.


© 2022

**Talahanayan 26**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondenteng may naipresentang pananaliksik bilang *co-author*

| Presentasyon ng Pananaliksik bilang *Co-Author* | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayroon | 11 | 16.70% |
| Wala | 55 | 83.30% |
| **Kabuuan** | **66** | **100.00** |

Tinatalakay sa Talahanayan 26 ang distribusyon ng mga respondente batay sa naipresentang pananaliksik bilang co-author. Makikita na 11 (16.70%) ang nakapagbasa na ng kanilang pananalilksik sa mga kumperensiya sa larang ng kultura, wika, pedagohiya, kasaysayan, sining, panitikan, at moralidad. Samantala, 55 (83.30%) ang hindi pa nakapagpresenta ng kanilang pananaliksik bilang co-author. Nangangahulugan na marami sa mga alumni ang limitado ang personal na pakikisangkot sa kolaboratibong gawaing pampananaliksik. Posibleng ang resultang ito ay buhat din ng bakgrawnd ng mga respondente na sinaklaw lamang ang mga bagong alumni. Gayunpaman, nagbubukas ang datos na ito sa programa ng MAF na paigtingin ang pakikisangkot ng mga mag-aaral at alumni sa pagbuo at pagpresenta ng kolaboratibong pananaliksik sa larang na kinabibilangan.

**Talahanayan 27**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondenteng may nailathalang pananaliksik sa nasyonal na *refereed journal* bilang *sole author*

| Publikasyon ng Pananaliksik bilang *Sole Author* (Nasyonal) | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayroon | 10 | 15.20% |
| Wala | 56 | 84.80% |
| **Kabuuan** | **66** | **100.00** |

Tinatalakay sa Talahanayan 27 ang *frequency and percentage distribution* ng mga respondente batay sa nailathalang pananaliksik sa mga nasyonal na refeered journal bilang sole author. Makikita na 10 (15.20%) lamang ang nakapaglathala ng kanilang pananalilksik sa paksang kultura, wika, at pedagohiya. Samantala, 56 (84.80%) ang hindi pa nakapaglathala ng kanilang pananaliksik bilang sole author. Nangangahulugan na marami sa mga alumni ang limitado ang personal na pakikisangkot sa gawaing pampananaliksik. Posibleng ang resultang ito ay buhat din ng bakgrawnd ng mga respondente na sinaklaw lamang ang mga bagong alumni. Gayunpaman, nagbubukas ang datos na ito sa programa ng

MAF na paigtingin ang kakayahan at motibasyon sa mga mag-aaral at alumni sa pagbuo at paglalathala ng mga indibidwal na papel-pananaliksik.

**Talahanayan 28**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondenteng may nailathalang pananaliksik sa nasyonal na *refereed journal* bilang *co-author*

| Publikasyon ng Pananaliksik bilang *Co-Author* (Nasyonal) | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayroon | 0 | 0 % |
| Wala | 66 | 100.00% |
| **Kabuuan** | **66** | **100.00** |

Tinatalakay sa Talahanayan 28 ang *frequency and percentage distribution* ng mga respondente batay sa nailathalang pananaliksik sa mga nasyonal na refeered journal bilang co-author. Makikita na 100.00% o 66 na respondente ang hindi nakapaglathala ng kanilang pananaliksik bilang co-author. Nangangahulugan na limitado ang pakikisangkot sa kolaboratibong gawaing pampananaliksik ng lahat ng mga alumni. Posibleng ang resultang ito ay buhat din ng bakgrawnd ng mga respondente na sinaklaw lamang ang mga bagong alumni. Gayunpaman, nagbubukas ang datos na ito sa programa ng MAF na paigtingin ang kakayahan at motibasyon sa mga mag-aaral at alumni sa pagbuo at paglalathala ng mga kolaboratibong papel-pananaliksik.

**Talahanayan 29**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondenteng may nailathalang pananaliksik sa internasyonal na *refereed journal* bilang *sole author*

| Publikasyon ng Pananaliksik bilang *Sole Author* (Internasyonal) | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayroon | 4 | 6.10 % |
| Wala | 62 | 93.90% |
| **Kabuuan** | **66** | **100.00** |

Tinatalakay sa Talahanayan 29 ang distribusyon ng mga respondente batay sa nailathalang pananaliksik sa mga internasyonal na refeered journal bilang sole author. Makikita na apat (6.10%) lamang ang nakapaglathala ng kanilang pananalilksik sa paksang kultura, pagtatanghal, at naratibong danas. Samantala, 62 (93.90%) ang hindi pa nakapaglathala ng kanilang pananaliksik bilang sole author. Nangangahulugan na marami sa mga alumni ang limitado ang personal na pakikisangkot sa gawaing pampananaliksik. Posibleng ang resultang ito ay buhat din ng bakgrawnd ng mga respondente na sinaklaw lamang ang mga


© 2022

bagong alumni. Gayunpaman, nagbubukas ang datos na ito sa programa ng MAF na paigtingin ang kakayahan at motibasyon sa mga mag-aaral at alumni sa pagbuo at paglalathala ng mga indibidwal na papel-pananaliksik sa mga internasyonal na refereed journal.

**Talahanayan 30**

*Frequency and percentage distribution* ng mga respondenteng may nailathalang pananaliksik sa internasyonal na *refereed journal* bilang *co-author*

| Publikasyon ng Pananaliksik bilang *Co-Author* (Internasyonal) | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayroon | 3 | 4.55 % |
| Wala | 63 | 95.45% |
| **Kabuuan** | **66** | **100.00** |

Tinatalakay sa Talahanayan 30 ang distribusyon ng mga respondente batay sa nailathalang pananaliksik sa mga internasyonal na refeered journal bilang co-author. Makikita na tatlo (4.55%) lamang ang nakapaglathala ng kanilang pananalilksik sa paksang moralidad at panlipunan. Samantala, 63 (94.50%) ang hindi pa nakapaglathala ng kanilang pananaliksik bilang co-author. Nangangahulugan na marami sa mga alumni ang limitado ang personal na pakikisangkot sa gawaing pampananaliksik. Posibleng ang resultang ito ay buhat din ng bakgrawnd ng mga respondente na sinaklaw lamang ang mga bagong alumni. Gayunpaman, nagbubukas ang datos na ito sa programa ng MAF na paigtingin ang kakayahan at motibasyon sa mga mag-aaral at alumni sa pagbuo at paglalathala ng mga kolaboratibong papel-pananaliksik sa mga internasyonal na refereed journal.

**Talahanayan 31**

*Frequency and percentage distribution* ng mga respondenteng may dinaluhang kilalang nasyonal na seminar, worksyap, at/o kumperensiya

| Partisipasyon sa Kilalang Programa (Nasyonal) | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayroon | 38 | 57.60% |
| Wala | 28 | 42.40% |
| **Kabuuan** | **66** | **100.00** |

Tinatalakay sa Talahanayan 31 ang distribusyon ng mga respondente batay sa mga dinaluhang kilalang nasyonal na seminar, worksyap, at/o kumperensya at makikita na 38 (57.60%) na respondente ang dumalo sa nasabing gawain sa

larang wika, kultura, panitikan, sining, kasaysayan, pedagohiya, at ibang katulad na disiplina. Samantala, 28 (42.40%) ang hindi pa nakadadalo sa mga nasabing gawain. Masasabing bahagyang positibo ang resulta subalit nangangailangan pa ng pagpapaigting sa panghihikayat sa mga mag-aaral at alumni na dumalo sa mga nasyonal na seminar, worksyap, at kumperensya. Makatutulong dito ang pagpapalakas sa *linkages* ng MAF.

**Talahanayan 32**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondenteng may dinaluhang kilalang internasyonal na seminar, worksyap, at/o kumperensiya

| Partisipasyon sa Kilalang Programa (Internasyonal) | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayroon | 32 | 48.50 |
| Wala | 34 | 51.50 |
| **Kabuuan** | **66** | **100.00** |

Tinatalakay sa Talahanayan 32 ang distribusyon ng mga respondente batay sa mga dinaluhang kilalang internasyonal na seminar, worksyap, at/o kumperensiya at makikita na 32 (48.50%) ang dumalo sa nasabing gawain sa larang wika, kultura, panitikan, sining, kasaysayan, pedagohiya, at ibang kaugnay na disiplina. Samantala, 34 (51.50%) ang hindi pa nakadadalo sa mga nasabing gawain. Masasabing bahagyang positibo ang resulta subalit nangangailangan pa ng pagpapaigting sa panghihikayat sa mga mag-aaral at alumni na dumalo sa mga internasyonal na seminar, worksyap, at kumperensya. Makatutulong dito ang pagpapalakas sa internasyonal na *linkages* ng MAF.

**Talahanayan 33**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente batay sa pagiging bahagi ng komite ng kilalang nasyonal na seminar, worksyap, at/o kumperensiya

| Pagiging Kasapi ng Komite sa Kilalang Programa (Nasyonal) | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayroon | 11 | 16.70 |
| Wala | 55 | 83.30 |
| **Kabuuan** | **66** | **100.00** |

Makikita sa Talahanayan 33 ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang pagiging parte ng komite ng mga nasyonal na seminar, worksyap, at/o kumperensiya. Batay sa resulta, nakahihigit ang bilang na 55 (83.30%) ang walang karanasan sa pagiging miyembro ng mga nasyonal na gawain kompara


© 2022

sa 11 (16.70%) na mayroong karanasan. Nangangahulugan na marami sa mga alumni ang limitado ang personal na pakikisangkot sa mga *Technical Working Committee (TWC)* ng mga pambansang gawain ng ilang propesyonal na organisasyon. Posibleng ang resultang ito ay buhat din ng bakgrawnd ng mga respondente na sinaklaw lamang ang mga bagong alumni. Gayunpaman, nagbubukas ang datos na ito sa programa ng MAF na paigtingin ang kakayahan at motibasyon sa mga mag-aaral at alumni sa maging bahagi ng TWC ng mga kilalang nasyonal na seminar, worksyap, at/o kumperensiya sapagkat makatutulong ito sa pagpapaunlad sa personal at propesyonal na aspekto ng kanilang buhay.

**Talahanayan 34**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondente
batay sa pagiging bahagi ng komite ng kilalang internasyonal
na seminar, worksyap, at/o kumperensiya

| Pagiging Kasapi ng Komite sa Kilalang Programa (Internasyonal) | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayroon | 12 | 18.20 |
| Wala | 54 | 81.80 |
| **Kabuuan** | **66** | **100.00** |

Ipinakikita sa Talahanayan 34 ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang pagiging parte ng komite ng mga internasyonal na seminar, worksyap, at/o kumperensiya. Batay sa resulta, nakahihigit ang bilang na 54 (81.80%) ang walang karanasan sa pagiging miyembro ng mga internasyonal na gawain kompara sa 12 (18.20%) na mayroong karanasan. Nangangahulugan na marami sa mga alumni ang limitado ang personal na pakikisangkot sa mga *Technical Working Committee (TWC)* ng mga internasyonal na gawain ng ilang propesyonal na organisasyon. Posibleng ang resultang ito ay buhat din ng bakgrawnd ng mga respondente na sinaklaw lamang ang mga bagong alumni. Gayunpaman, nagbubukas ang datos na ito sa programa ng MAF na paigtingin ang kakayahan at motibasyon sa mga mag-aaral at alumni na maging bahagi ng TWC ng mga kilalang internasyonal na seminar, worksyap, at kumperensiya sapagkat makatutulong ito sa pagpapaunlad sa personal at propesyonal na aspekto ng kanilang buhay.

**Talahanayan 35**
*Frequency and percentage distribution* ng mga respondenteng nakatanggap ng mga parangal at/o rekognisyon mula sa mga propesyonal na organisasyon

| Pagtatamo ng Rekognisyon | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayroon | 15 | 22.70 |
| Wala | 51 | 77.30 |
| **Kabuuan** | **66** | **100.00** |

Ipinakikita sa Talahanayan 35 ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang pagtatamo ng mga parangal at/o rekognisyon mula sa mga propesyonal na organisasyon sa loob o labas ng PUP. Labinlima (22.70%) ang nagsabing mayroon silang natanggap na pagkilala samantalang 51 (77.30%) ang wala o wala pang natatanggap. Masasabing palatandaan din ang pagtatamo ng mga alumni ng parangal mula sa mga propesyonal na organisasyon sa pagpapatunay ng kahusayan ng kurikulum ng MAF. Samakatuwid, makahulugan ang bilang na 15 sa 51 na respondente mula sa inilatag lamang na saklaw sapagkat ang mga parangal na ito ay dumadaan sa masusing pagpapasya ng mga propesyonal na organisasyon at hindi basta-basta iginagawad ng walang kongkretong basehan.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Nagpapatunay ang mga inilatag na datos sa dekalidad na implementasyon ng programang MAF sa PUP. Sa pangkalahatan, positibo ang naging karanasan ng mga nagsipagtapos sapagkat nakatulong ang mga ito upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa disiplinang Filipino. Katunayan, marami ang kalimitang naiimbitahan na maging tagapagsalita sa mga seminar at nakapaglathala ng mga akdang pampanitikan. Bukod sa kasanayang nakatuon sa Filipino, tuon din ang oryentasyong interdisiplinaryo at multidisiplinaryo sa programa. Malaking bilang ng mga nagsipagtapos ay mula sa kaugnay na programa *(allied program)* at nakalinya *(vertically aligned)* sa MAF. Marami sa kanila ay naghahayag ng kagustuhang ipagpatuloy pa ang akademiko at propesyonal na pag-unlad tulad ng ilan sa kasalukuyang nakaenrol sa doktoradong digri na indikasyon ng mabisang panghihikayat sa mga nagsipagtapos na lalo pang linangin ang kasanayan sa disiplina. Malaki rin ang naitulong ng MAF upang mapayabong ang kasanayan ng mga nagtapos sa pag-oorganisa ng mga gawain na kanila ring nagamit sa kani-kanilang mga propesyon. Kung gayon, sa pamamagitan ng MAF ay nalinang nang husto ang katangiang holistiko na makikita sa kakayahang magturo nang mahusay, may kakayahang lumahok sa mga gawaing pampananaliksik, at nakapag-aangkop ng mga plano at gawain bilang epektibong pinuno ng isang


© 2022

organisasyon o ng isang makabuluhang gawain. Dagdag pa, nakatulong din ang programa sa propesyonal at pinansyal na pag-unlad sapagkat mayorya sa nagsipagtapos ang nabigyan ng promosyon at pagtaas ng suweldo.

Bagaman naitampok sa resulta ang pagkilala sa kagalingan ng MAF sa pagpapanday ng mga propesyonal sa disiplinang Filipino, natuklasan ng mga mananaliksik ang mga dapat ding paunlarin pa ng pamunuan ng pamantasan sa patuloy na pagpapaunlad ng programa at mga mag-aaral nito. Mula sa mga datos, iminumungkahing magsagawa ng mga aktibidad na lilinang at mag-iimpluwensiya sa mga mag-aaral at alumni na patuloy na magsagawa ng mga pananaliksik at ilathala sa mga *refereed journals.* Magsagawa ng mga forum, palihan, seminar at webinar, kumperensiya, at iba pang katulad na programa na magpapalakas sa gawaing pampananaliksik ng mga mag-aaral. Magkaroon ng taunang kolokyum ang programa na nagtatampok sa mga pananaliksik ng mga mag-aaral at *alumni* nito. Gayundin, magtaguyod ng journal na may layuning ilathala ang mga papel ng mga mag-aaral matapos dumaan sa masusing *blind peer reviewing.* Ipakilala rin nang husto sa mga mag-aaral ang mga mapagkakatiwalaang journal ng mga institusyon na tumatanggap ng mga pananaliksik na naka-Filipino. Gawing kahingian sa mga mag-aaral ang oral na presentasyon sa pag-aaral sa itataguyod na kolokyum at ang paglalathala nito sa journal bago makapagtapos ng MAF.

Habang mag-aaral pa lamang, ipakilala na rin sa mga mag-aaral ang mga propesyonal na organisasyong maaari nilang aniban. Maging aktibo sa desiminasyon ng impormasyon sa mga mag-aaral hinggil sa mga gawain nito upang mapaigting ang kahalagahan ng samahan at posibleng benepisyo nito sakaling maging aktibong miyembro nito.

Inirerekomenda ring itatag ang organisasyong pang-alumni ng MAF na may mga opisyales at kinatawan sa bawat batch. Naniniwala ang mga mananaliksik na makatutulong ito upang paigtingin ang ugnayan ng pamantasan/kagawaran at ng alumni ng programa. Palakasin ang database ng mga alumni at panatilihin ang pagpapadala ng mga impormasyon sa kanila hinggil sa mga forum, palihan, seminar at webinar, kumperensiya, at iba pang katulad na programa na gaganapin sa loob at labas ng PUP. Isang mainam na paraan din ito upang mapatatag ang mga koneksiyon o linkages ng programa sa labas ng PUP. Kung sa loob ng PUP, ikonsidera ding imbitahan bilang mga tagapagsalita at/o reaktor sa mga programa ang mga nagsipagtapos.

Sa pagsasakatuparan nito, iminumungkahi rin ang patuloy na *benchmarking* sa iba pang unibersidad sa Pilipinas at ibang bansa. Maaari ding magkaroon ng kolaborasyong programa sa mga organisasyong nagtataguyod ng

Filipino gaya ng NCCA at KWF na mga ahensya ng pamahalaan. Makatutulong ito hindi lamang sa pagpapaigting ng kurikulum ng MAF kundi sa *linkages* nito.

## MGA SANGGUNIAN

Ahmad, K., Zainal, N. F. A., & Rahmat, M. (2012). Relationship between employability and graduates' skills. *International Business Management*, *6*(4), 440-445. https://doi.org/10.3923/ibm.2012.440.445

Badiru, E. O. & Wahome, M. (2016). Conducting graduate tracer studies for quality assurance in East African universities: A focus on graduate students voices on quality culture. *Journal of Education and Practice*, *7*(6), 174-181.

Buenvinida, L. P. & Yazon, A. D. (2017). Assessment of graduates of Master of Arts in Education (MAED) in one state university in the Philippines. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 5*(2), 77-86. http://www.apjmr.com/wp-content/uploads/2017/04/APJMR-2017.5.2.09.pdf

Cagasan, E. G., Dargantes, T. M., Florentino, N. N., & Lasquites, H. S. (2017). Tracer study of the graduate degree programs of the Visayas State University. *Science and Humanities Journal, 11*, 16-39.

Case, K. I. (2014). Community-based research in graduate education: Implementing program decisions across the disciplines. *Journal of Public Scholarship in Higher Education, 4,* 69-87.

Drummond, K. E. & Murphy-Reyes, A. (2018). *Nutrition research: Concepts and applications.* Jones & Bartlett Learning.

Ladd, H. F. & Sorensen, L. C. (2015). *Do master's degrees matter? Advanced degrees, career paths, and the effectiveness of teachers.* Washington, DC: CALDER.

Menez, N. L. (2014). Tracer study of the Masters in Business Administration (MBA) graduates from 2008-2012. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences, 1*(1), 14-18. https://ejournals.ph/article.php?id=5666


© 2022

Morales, J. C., Gorospe, R. T., & Buenaventura, N. B. (2021). *Profiling BSBA graduates' employability: A tracer study for Business Administration program of National College of Business and Arts* [Unpublished institutional research]. National College of Business and Arts Research and Development Office.

National Economic and Development Authority. (2022). *Ph tallies new record-low unemployment rate since pandemic—NEDA.* https://neda.gov.ph/ph-tallies-new-record-low-unemployment-rate-since-pandemic-neda

Orellano, F. (2018, April 18). PUP grads are employers' top pick for new hires. *Inquirer.net.* https://newsinfo.inquirer.net/983233/pup-grads-are-employers-top-pick-for-new-hires-pup-jobstreet-employability-graduates-state-university

Pentang, J. T., Perez, D. R., Cuanan, K. H., Recla, M. B., Dacanay, R. T., Bober, R. M., dela Cruz, C. E., Egger, S. P., Herrera, R. L., Illescas, C. M., Salmo, J. M., Bucad, Jr., , M. L., Agasa, J. V., & Abaca, N.- aina A. (2022). Tracer study of Teacher Education graduates of Western Philippines University - Puerto Princesa campus: Basis for curriculum review and revision. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 3*(3), 419-432. https://doi.org/10.11594/ijmaber.03.03.12

Philippine Statistics Authority. (2022). *Employment rate in March 2022 is Estimated at 94.2 percent.* https://psa.gov.ph/statistics/survey/labor-and-employment/labor-force-survey

Price, S. & Reichert, C. (2017). The importance of continuing professional development to career satisfaction and patient care: Meeting the needs of novice to mid- to late-career nurses throughout their career span. *Administrative Sciences, 7*(2), 1-13. http://dx.doi.org/10.3390/admsci7020017

## ABOUT THE AUTHORS

**Dr. Romeo P. Peña** is currently the Dean of the College of Arts and Letters and the Chairperson of the Master of Arts in Filipino (MAF) program under the Graduate School, and a Full Professor teaching literature, creative writing and research at the Polytechnic University of the Philippines (PUP). He finished his AB Filipinolohiya in PUP and MA Filipino: Malikhaing Pagsulat and PhD in Philippine Studies at the University of the Philippines (UP) Diliman.

**Nell B. Buenaventura** is a full-time faculty member at Colegio San Agustin Makati, teaching Filipino subjects in Senior High School. He finished both AB Filipinolohiya (2015) and Master of Arts in Filipino (2019) at the Polytechnic University of the Philippines (PUP) and is currently taking up PhD in Philippine Studies at the University of the Philippines (UP) Diliman.

**Roan Jessa A. Dino** is a graduate of AB Filipinolohiya (cum laude) and Master of Arts in Filipino at the Polytechnic University of the Philippines. Currently pursuing PhD in Philippine Studies at the University of the Philippines (UP) Diliman. She teaches Filipino language and literature as an Assistant Professor at the College of Arts and Letters of the Polytechnic University of the Philippines.

**Ian Jay B. Formacion** completed his BSED Filipino (culture and the arts awardee) at Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (2015) and Master of Arts in Filipino (MAF) at Polytechnic University of the Philippines (2018). Currently studying PhD in Philippine Studies major in Performance Studies and minor in Panitikan ng Pilipinas at the University of the Philippines (UP) Diliman.


© 2022

View publication stats